Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
**BAYAN NG POLILLO**
-ooOoo-

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

---

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T SIYAM (39) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA EVACUATION CENTER NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG ABRIL 13, 2020, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Cipriano A. Susa, Jr., | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang, Judy Rev V. Verzosa, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal |
| Kagalang-galang Claro A. Marasigan, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPSK/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

Wala.

**RESOLUSYON BLG. 070-2020**

**ISANG RESOLUSYONG NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG BAYAN NG PAGBABAWAL SA MGA MAMAMAYAN NG POLILLO, QUEZON NG PAG-AANGKAS SA MGA MOTORSIKLO HABANG UMIIRAL ANG ENHANCE COMMUNITY QUARANTINE (ECQ)**

**SAPAGKAT,** dapat itaguyod at pangalagaan ng Estado ang karapatan at kalusugan ng mga mamamayan at imulat ang kamalayang pangkalusugan sa kanila, ayon sa itinatadhana ng Seksyon 15, Artikulo 2, ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987;

**SAPAGKAT,** ang buong Pilipinas ay isinailalim sa State of Public Health Emergency ni Pangulong Rodrigo R. Duterte noong ika-8 ng Marso 2020, sa ilalim ng Proclamation No. 922, kung saan kinumpirma ng Kalihim ng Kagawaran ng Pangkalusugan (Department of Health) na mayroon ng local transmission ng Corona Virus Disease 2019 (COVID-19) dito sa ating bansa;

**SAPAGKAT,** hindi biro ang kapinsalaan na idinudulot ng COVID-19 hindi lamang sa mga mamamayan ng ating bansa, kundi sa buong mundo, patunay ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga COVID-19 patients at ganondin ng mga namamatay dulot ng virus na ito;

ENGR. CRISTINE E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**SAPAGKAT,** ang Kagawaran ng Pangkalusugan (Department of Health) ay nagpabatid ng sapilitang pagsasagawa ng ***social physical distancing*** bilang isang mabisang pamamaraan upang maiwasan ang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at maiwasan ang epedemyang ito;

**SAPAGKAT,** ang pag-angkas sa mga motorsiklo ay hindi naaayon sa ipinapatupad na ***social physical distancing;***

**KUNG KAYA AT**, sa nagkakaisang mungkahi, ay:

**PASIYAHAN,** tulad ng dito ay ipinasisiya at pinagtitibay ang isang Kautusang Bayan ng pagbabawal sa mga mamamayan ng Polillo, Quezon ng pag-aangkas sa mga motorsiklo habang umiiral ang Enhance Community Quarantine (ECQ);

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 139, SERYE 2020**

**KAUTUSANG BAYAN NG PAGBABAWAL SA MGA MAMAMAYAN NG POLILLO, QUEZON NG PAG-AANGKAS SA MGA MOTORSIKLO HABANG UMIIRAL ANG ENHANCE COMMUNITY QUARANTINE (ECQ)**

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas, ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ang mga sumusunod:*

**Seksyon 1. Layunin ng Kautusang Bayan –** Layunin ng Kautusang Bayang ito ang mga sumusunod:

a. Ingatan ang mga mamamayan ng Polillo, Quezon na makaiwas sa epedemya na dulot ng Corona Virus Disease 2019 (COVID-19).
b. Mapanatili ang Bayan ng Polillo, Quezon na COVID-19 FREE Municipalities sa Lalawigan ng Quezon sa lahat ng oras.
k. Sa maliit na pamamaraan ay mabigyan ng proteksyon ang mga mamamayan ng Polillo, Quezon sa pagkalat ng COVID-19.

**Seksyon 2. Saklaw -** Ang Kautusang Bayang ito ay sumasaklaw sa lahat ng mamamayan ng bayan ng Polillo, Quezon ng pagbabawal na mag-angkas sa motorsiklo habang umiiral ang Enhance Community Quarantine (ECQ).

**Seksyon 3. Kautusan -** Iniaatas ng Kautusang Bayang ito ang pagbabawal na mag-angkas sa motorsiklo habang umiiral ang Enhanced Community Quarantine (ECQ).

**Seksyon 4. Kaparusahan sa Paglabag -** Para sa paglabag sa nilalaman ng Kautusang Bayang ito ay papatawan ang sinuman ng multang Dalawang Libo't Limang Daang Piso (Php2,500.00) o pagkabilanggo ng isang (1) buwan subalit hindi hihigit sa anim (6) na buwan sang-ayon sa kapasiyahan ng Hukuman.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**Seksyon 5. Implementasyon** - Ang Punong Bayan ay magpapatibay ng mga Kautusang Tagapagpaganap (Executive Order) upang magkaroon ng maayos na pagpapatupad at regulasyon ang Kautusang Bayang ito.

**Seksyon 6. Pinal na Probisyon –** Ang anumang Kautusang Bayan, Kapasiyahan o Regulasyon na hindi naaayon sa mga probisyong ng nilalaman nito ay pinawawalang bisa at ang Kautusang Bayang ito ang pinagtitibay at siyang mananaig.

**Seksyon 7. Pagkakabisa** - Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa matapos na pagtibayin ng Punong Bayan at maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Abril 13, 2020

x----------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang* ***Resolusyon Blg. 070-2020/Kautusang Bayan Blg. 139, Serye 2020*** *sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan
Abril 21, 2020

*Sinipi noong:*
***Abril 20, 2020***